A PAGHAHANAP NG MGA PUSONG TUMATANGGAP.

- Karaniwang dumadaan ang mga Judio mula Jerusalem patungo sa Samaria sa ibang daan upang maiwasan ang Samaria. Kaya bakit kailangang dumaan ni Jesus sa rehiyong iyon?
- Inisip ng mga alagad na walang silbi ang pangangaral sa masamang lupaing iyon. Gayunman, gumawa ang Banal na Espiritu sa mga puso ng mga Samaritano sa Sicar upang tumanggap sila ng mensahe.
- Kaya, kinailangan ni Jesus na itanim ang katotohanan doon. Ang pagtatanim na iyon ay nagdala ng unang bunga sa madaling panahon, at maraming ani sa huli (Juan 4:39-41; Gawa 8:5-25).

B PAGSASALITA NG MGA PAGBATI.

- Ang malupit at mapamintas na saloobin ang magpapalayo ng mga tao sa atin. Aayawan nilang pakinggan an gating patotoo.
- Sa kabaliktaran, ang mga salita ng pagbati ay magpapatibay sa mga tao at makakatulong sa paglago ng kanilang pananampalataya.
- Sa Mateo 15:21-28, isang Canaanita ang lumapit kay Jesus na may kahilingan, at ayaw niyang tumanggap ng “hindi” na sagot. Pinuri siya ni Jesus sa harap ng Kanyang mga alagad; Sinabi Niya sa kanya, “dakila ang iyong pananampalataya!”
- Binati din ni Jesus si Maria matapos malupit na pinintasan siya dahil sa Ginawa sa Kanya: “nagpauna na siya na pahiran ang katawan ko sa paglilibing sa akin.” (Marcos 14:8)

C PAGDIIN SA MGA POSITIBO.

- Sinulat ni Pablo ang kanyang mga liham upang palakasin ang mga local na mga iglesia.
- Minsan ay kailangan niyang sawayin sila dahil sa kanilang mga mali, ngunit lagi niyang binibigyang-diin muna ang mga positibong bagay sa kanila.
- Mahalagang linangin ang ugali ng paghahanap ng mabuti sa mga tao.
- Sa ganitong paraan ay makakagawa tayo ng malalim na pagkakaibigan at mapapalapit natin sila kay Kristo.

D PAGTANGGAP SA MGA TAO.

- Alam ni Jesus ang mabuti at masamang bagay sa atin. Sa kabila noon, tinatanggap N’ya parin tayo, pinapatawad, at iniibog tayo.
- Hindi tayo karapatdapat sa Kanyang pagtanggap, ngunt tinatanggap Niya tayo sa Kanyang kabutihan.
- Hindi ba dapat tanggapin din natin ang iba gaya ng pagtanggap ng Dios sa atin?
- Ang saloobin ng pagtanggap at pag-ibig ay magbubukas sa mga puso at magpapabago sa mga buhay ng mga nasa palibot natin.

E PAGTUTURO SA PAG-IBIG.

- Ang pagtuturo sa katotohanan ng walang pag-ibig ay maaaring magdala sa nang-aakusang legalismo o walang pakialam na pagpapaubaya.
- Ang pagtuturo ng katotohanan sa pag-ibig ay nakakabihag ng mga puso at nagdadala sa mga tao sa isang nakakaligtas na relasyon kay Jesus.
- Dapat tayo maging handa sa pagtatanggol sa ating pinaniniwalaan. Ganunpaman, dapat gawin natin iyon sa kababaan, paggalang, at pag-ibig (1 Pedro 3:15).
- Ipakita sa iba ang parehong pag-ibig na ipinakita sa atin ni Kristo.
- Hilingan natin ang Banal na Espiritu na gabayan tayo sa mga taong may pusong handing tumanggap. At bigyang diin ang mga mabuting bagay na nakikita natin sa kanila, tanggapin sila ng walang pagpintas, at turuan sila sa pag-ibig.